BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Inanunsiyo ng The Rose Brampton ang winter/spring 2022 season nito na nagtatampok ng mga konsyerto, musical na teatro, espesyal na mga event at marami pa!

BRAMPTON, ON (Disyembre 2, 2021) – Ipini-presenta ng The Rose Brampton ang winter/spring 2022 season nito na tatakbo mula Enero hanggang Abril 2022. Binubuo ng dalawang malalaking serye', *The Rose Presents* at *This is Brampton*, ang lineup ay puno ng kapana-panabik na entertainment para mag-enjoy ang lahat.

Sa season na ito, itinatampok ng *The Rose Presents* ang kilalang mga musikero, mga legend sa Canada, at kilala sa mundo na teatro at cirque, kabilang sina/ang:

- Tom Cochrane, isa sa pinaka-hinahangaang rock star sa Canada,
- The Washboard Union, tatlong beses na may hawak ng CCMA Group of the Year,
- The Original Wailers, na nagpapatuloy sa legasiya ni Bob Marley,
- Johnny Reid, anim na beses na JUNO Award winning singer-songwriter, nominado sa 2022 GRAMMY Award, at tumanggap ng Brampton Arts Walk of Fame,
- Bernadette Peters, pinaka-maningning na bituin ng Broadway, at isang GRAMMY Award winner,
- Paul Reiser, isa sa Top 100 Comedians of all Time ng Comedy Central,
- Dwayne Gretzky, kasalukuyang mga kampeon ng nostalgia sa Canada,
- 6 Guitars, isang pitch-perfect blend ng musika at komedya,
- The Mush Hole, isang malawakang repleksyon ng karanasan ng Mohawk Institute Residential School, ippresenta ng Kaha:wi Dance Theatre,
- At napakarami pa!

Committed ang The Rose sa pag-highlight sa mga lokal na artist at pakikipagkatuwang sa mga samahan ng komunidad para ilarawan, itaguyod at ipagdiwang ang talent ng Brampton. Kabilang sa co-presentation ang The Rose Orchestra, Brampton Concert Band, at Brampton Music Theatre.

Bumabalik ang *This is Brampton* sa Studio II, nagbibigay ng intimate at malapitang platform para sa phenomenal talent ng Brampton, pati na rin sa pagkakataon para sap ag-unlad sa sining. Kabilang sa mga curator ng serye ang B-Jazzed, off the record, Stand-Up Stitches, Soundrive Records, Spades Media, Brampton Folk Club, at si Johnny Rivex.

Mabibili na ngayon ang mga tiket para sa winter/spring 2022 season. Para makita ang kabuuang iskedyul, bumili ng mga tiket at alamin ang mas marami pa, bisitahin ang therosebrampton.ca o tawagan ang Box Office sa 905.874.2800.

**Mga Quote**

“Muli na namang inihahatid ng The Rose Brampton ang pinakamagandang entertainment sa lungsod para mag-enjoy ang lahat. Matapos ang mahabang pamamahinga dahil sa COVID-19, nagbabalik ang The Rose sa pagpapatakbo ng personal na mga event at hinihikayat ko ang lahat na bumili ng mga tiket at panoorin ang isang performance nitong napakagandang venue.”

– *Patrick Brown, Mayor, City of Brampton*

“Ang The Rose Brampton’s winter/spring 2022 season ay nag-aalok ng lahat mula sa musikal na treatro hanggang sa comedy, at excited na akong panoorin ang isang palabas. Ang Brampton ay isang Mosaic, kung saan ipinagdiriwang natin ang sining, kultura at entertainment, at napakagandang pakiramdam na nakikipagtulungan ang teatro sa mga lokal na samahan para itaguyod ang pagpapalinang sa mga performer ng lungsod na ito.”

– *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Nagsisikap nang mabuti ang team sa The Rose Brampton para pasalihin ang mga tagatangkilik at ang komunidad sa pamamagitan ng sari-saring paraan sa panahon ng pandemya. Magandang makita na muling nagbubukas ang venue sa personal na mga event at malakas na nagbabalik sa katangi-tanging line up na ito. Kunin ang iyong mga tiket ngayon!”

– *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang buhay ay ang kasama ang iba! Magsama-sama tayo para sa isang walang katulad na entertainment sa The Rose, at mag-enjoy. Kumonekta tayo sa ikinasasaya natin, at sa isa’t sa.”

- Steven Schipper, Executive Artistic Director, Performing Arts, Lungsod ng Brampton

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

Ang **The Rose Brampton** ay isang nangungunang performing arts venue, at isang iconic feature ng downtown core. Isang mahalagang parte ng lungsod, ito ay destinasyon ng mga kilala sa mundo na mga performer, nagbibigay ng mga pagkakataon para sa mga manonood mula sa Brampton at lampas pa na maranasan ang malawak na hanay ng mga talento sa hindi ordinaryong lugar. Dakila sa arkitektura at kagandahan, ang The Rose ay ang lugar kung saan nagkakabuhay ang Brampton. Alamin ang mas marami pa sa therosebrampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca